# DAAN TUNGO SA KALIGTASAN

# Paano ka magiging Muslim ?

TAGALOG 0401058

HE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & GUIDANCE AI- SULAY, RIYADH
O.BOX 1419 ZIP CODE 11431, TEL.NO (01) 2410615 -FAX (01) 2414488-232
E.mail : sulay@W.CN

# DAAN TUNGO SA KALIGTASAN

## Paano ka magiging Muslim?

*Inihanda ni Faisal Bin Sukait As-Sukait*
Isa sa mga kasapi ng Kagawaran ng Pagpalagap at Patnubay ng Islam.

***Nawa'y ang kapatawaran ng Allah ﷻ ay mapasakanya, sa kanyang mga magulang at sa lahat na mga Muslim.***

Isinalin ni : **Easa Real**

بسم الله الرحمن الرحيم

Katotohanan, ang lahat na papuri ay sa Allah ﷻ lamang, sa Kanya tayo humihingi ng tulong at sa Kanya tayo nagpapakopkop laban sa kasamaan ng ating sarili, sa ating mga pagkakamali. Sino man ang pinatnubayan ng Allah ﷻ, ay walang makapagpaligaw sa kanya, sino man ang niligaw ng Allah ﷻ, ay walang makapagpatnubay sa kanya. Ako'y sumasaksi na walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ, wala Siyang kasama, at ako'y sumasaksi na si Muhammad ﷺ ay Kanyang alipin at sugo.

Ang lathalain na ito ay magpapaliwanag ng pinakabuod na pangunahing simulain ng Islam sa sinumang nais yumakap.

Dapat malaman, nawa'y ang Kanyang biyaya'y mapasainyo na ang Islam ay daan tungo sa kaligtasan at tagumpay.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ إن الدين عند الله الإسلام ﴾ [ آل عمران: ١٩].

ﷻ: Subhaanahu wa Ta'ala

Siya'y malayo sa anumang pagkakamali at Siya ang Kataas-taasan.

[Katotohanan ang tunay na relihiyon sa paningin ng Allah ay ang Islam] 3:19.
At Kanyang sinabi:

﴿ و مــن يبتغ غير الإسلام دينا فلن يقبل منه و هو في الآخرة من الخاسرين ﴾ [آلعمران: ٨٥]

[Sinumàng magnais ng iba pang Relihiyon maliban sa Islam ito'y hindi tatanggapin mula sa kanya at sa kabilang buhay siya'y mapabilang sa mga talunan] 3:85.

Magkagayon, kapag inyong nalaman ang bagay na ito, dapat malaman na ang Islam ay naitayo sa limang haligi.
Winika ng Propeta ﷺ :

[ بني الإسلام على خمس:شهادة أن لا إله إلا الله ،وأن محمداً رسول الله ، وإقام الصلاة ، وإيتاء الزكاة ،وصوم رمضان ،وحج البيت] متفق عليه.

[Ang Islam ay naitayo sa limang haligi: Ang pagsaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang sugo, ang pagtaguyod ng Salaah, ang pagbigay ng Zakaah, ang pag-ayuno sa buwan ng Ramadhan, at ang paglakbay sa Makkah] Bukhari at Muslim.

---

ﷺ: SALLAL LLAHU ALAIHI WA SALLAM
Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanya at iligtas sa anumang pagkakamali at pangangalaga sa anumang kasamaan; ito'y binabanggit pagkatapos sa pangalan ng Propeta ﷺ.

**1.SHAHADATAIN: Ashadu an laa ilaha illa Allah wa anna Muhammadan rasuulul-llah.** [Ang pagsaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang alipin at sugo].

**A. Ang pagsaksi na walang ibang diyos maliban sa Allah ﷻ:**

Ito'y nangangahulugan na walang ibang dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ, at ito'y tumatakwil ng pagkadiyos ng iba maliban sa Kanya at nagpapanatili sa katotohanan ng pagkakaisa ng Allah ﷻ.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ ذلك بأن الله هو الحق وأن ما يدعون من دونه هو الباطل ﴾ [ الحج : ٦٢ ]

[Sapagkat ang Allah-Siya lamang ang Katotohanan at maliban sa Kanya na kanilang sinasamba ay huwad ] 22:62.

Ito'y nangangahulugan na hindi pinahintulutan ang pag-alay ng anumang uri ng pagsamba maliban sa Allah ﷻ.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ ومن يدع مع الله إلهاً آخر لا برهان له به فإنما حسابه عند ربه إنه لا يفلح الكافرون ﴾

[ المؤمنون : ١١٧ ].

[Sinuman ang sumamba sa ibang Diyos (tumatawag) maliban sa Allah, magkagayon siya ay walang karapatan sa Allah ﷻ. Ang kanyang

pakikipagtuos ay nasa kanyang Panginoon. At katotohanan, hindi magtatagumpay ang mga di-mananampalataya] 23:117.

Ito'y dakilang salita, subalit walang maidudulot na kabutihan sa nagwika at hindi ito makapagpalabas sa kanya mula sa Shirk * maliban lamang na kanyang nalaman ang kahulugan nito, isinasagawa at pinapaniwalaan.

Ang mga Munaafiq (nagkukunwaring Muslim), kanilang binabanggit ang salitang ito subalit sila'y nasa pinakailalim ng Impiyerno dahil sila'y hindi naniniwala at hindi nila isinasagawa ang ipinag-utos nito. At ganoon din yaong mga sumasamba sa libingan ay kanilang sinasabi ang salitang ito, subalit kanilang sinasalungat sa kanilang salita at gawa. Ito'y walang kabutihang maidudulot sa kanila dahil ito'y sinasalungat ng kanilang salita at gawa.

**8 Kondisyon ng La ilaha illa Allah**

1.Kaalaman - kasalungat ng kamangmangan.

2. Katiyakan - kasalungat ng pag-aalinlangan, sa sinumang nagpahayag nito ay kailangang magkaroon siya ng katiyakan na ang Allah ﷻ lamang ang may karapatang sambahin.

*Pagtambal ng ibang diyos sa Allah ﷻ.

3. Kadalisayan - kailangan maging dalisay ang alipin sa kanyang Tagapaglikha sa lahat niyang pagsamba.

4. Katapatan - ito'y kasalungat ng kasinungalingan, kailangan lamang na magkasundo ang kanyang dila (pananalita) sa kanyang puso (paniniwala).

5. Pagmamahal - ito'y nangahulugan ng pagmamahal sa Allah ﷻ. Kapag siya'y nagpahayag nito na walang pagmamahal sa Allah ﷻ siya ay di-mananampalataya.

6. Pagsuko - siya'y sasamba lamang sa Allah ﷻ, tanggapin ang kanyang batas at paniniwalaan na ito'y katotohanan.

7. Pagtanggap - ito'y pagtanggap ng anumang ipinag-utos at pagtanggi sa anumang ipinagbawal.

8. Pagtakwil ng anumang pagsamba maliban sa Allah ﷻ, ito'y paniwalaan na mga huwad ( ang ibang diyos maliban sa Allah ﷻ).

**B. Ang pagsaksi na si Muhammad ﷺ ay Sugo ng Allah ﷻ.**

Ang pagpahayag at paniniwala na si Muhammad ﷺ ay isang alipin ng Allah ﷻ at kanyang sugo. Siya ang panghuling sugo na ipinadala ng Allah ﷻ. Kailangan nating sumunod sa kanyang mga ipinag-utos, maniwala sa anumang kanyang ipinahayag at iwasan ang anumang kanyang ipinagbawal. Tayo ay sasamba sa Allah ﷻ ayon sa kanyang ipinahayag at ipinag-utos.

**2.AS-SALAAH:** (Islamikong Pagdarasal) Ipinatupad ng Allah ﷻ, sa kanyang mga alipin ang limang beses na pagsa-Salaah sa buong araw at gabi ito ay : Fajr- 2 rak'ah, Dhuhur - 4 na rak'ah, Asr - 4 na rak'ah, Maghrib - 3 na rak'ah, Isha - 4 na rak'ah.

Bago magsagawa ng Salaah, kailangang nasa katayuan ng Tahaarah (kalinisan). Kapag siya'y mayroong dumi kagaya ng pag-ihi o pagdumi kailangan niyang hugasan ng tubig ang bahagi ng nilalabasan pagkatapos siya ay magsagawa ng Wudhu (paghugas ng ilang bahagi ng katawan). Ganoon din kapag siya'y natulog o kapag mayroong lumabas na hangin, siya ay kailangan din mag-Wudhu. Kapag siya'y nanaginip at nilabasan ng semilya o kaya'y nakipagtalik sa kanyang asawa, kapag mayroong buwanang dalaw o kaya'y kapapanganak

lamang siya ay nangangailangang magsagawa ng Ghusol (pagligo) pagkatapos magsagawa ng Wudhu. Kailangan kanyang gagawin ang Salaah sa takdang oras. Tungkulin ng mga lalaki na ito'y gagawin sa Masjid at hindi pinahintulutan na kanyang gagawing nag-iisa maliban sa matuwid na dahilan, kagaya ng panganib (ang buhay, ari-arian at iba pa) o kapag siya'y may sakit. Ganoon din kailangan na alam niya kung paano isagawa ang Salaah mula sa Takbiiratul-Ihram (pagsabi ng Allahu Akbar) hanggang sa Taslim (pagsabi ng Assalamu Alaikum Warahmatullah).

Hindi niya ipagliban ang Salaah sa kanyang tamang oras sa anumang kalagayan, kundi kanyang gampanan sa anumang kalagayan. Sa mga kababaihan, ang kanilang pamamahay ay ang lugar na pinakamainam sa kanilang pagsa-Salaah. Ganoon din dapat malaman na yaong mga nagsasagawa ng Salaah lamang ang matatawag na Muslim at ang hindi nagsa-Salaah ay mga di-Muslim.

Sa mga kababaihan, kapag dumating ang kanilang buwanang dalaw o panganganak kanilang hintuan ang pagsa-Salaah. Kapag sila'y malinis na, sila'y maligo at isagawa ang Salaah.

**3.AZ-ZAKAAH-** Ito ay kawang-gawa na galing sa mga may kakayahan at binibigay sa mga

mahihirap. Ito'y 2.5 % kapag umabot sa bilang (tamang halaga) at sa loob ng isang taon.

**4.SIYAM SA BUWAN NG RAMADHAN**-Ito ang pag-iwas sa pagkain, inumin at pakikipagtalik na may layuning pagsamba sa Allah ﷻ mula sa bukang–liwayway hanggang sa paglubog ng araw. Sa mayroong buwanang dalaw at kapapanganak lamang sila'y hindi mag-ayuno at mag-Salaah, kapag sila'y malinis na, kanilang simulan ang pagSalaah at pag-ayunohan ang mga araw na hindi nila nagawa sa buwan ng Ramadhan. Hindi pinapahintulutan ang magbayad ng mga di-napag-ayunohan sa araw ng Eidul-Fitr, Eidul Adh-ha o sa mga araw ng Tashriiq (11,12,13 ng Dhul-Hijah) o kaya sa araw ng Jum'ah.

Ang pag-aayuno lamang ang kanilang bayaran, hindi ang Salaah. Ipinahintulutan ng Allah ﷻ ang pagkain sa buwan ng Ramadhan sa mga taong may sakit at naglalakbay.

Sinabi ng Allah ﷻ;

﴿ فمن كان مريضاً أو على سفر فعدة من أيام أخر ﴾ [ البقرة : ١٨٤].

[Sinuman ang may sakit o naglalakbay kanyang bayaran (ang mga araw na hindi napag–ayunohan) sa ibang araw] 2:184.

Kailangan niyang bayaran sa anumang araw na kanyang ninais maliban sa mga araw na

ipinagbawal kagaya sa mga natalakay sa itaas, bago sumapit ang susunod na buwan ng Ramadhan.

**5. AL-HAJJ** -Ito'y tungkulin ng Muslim ng isang beses sa kanyang buong buhay. Kapag siya'y mayroong kakayahan (kapag siya ay may sapat na kayamanan para gugulin sa paglalakbay, kalusugan at tamang pag-iisip). Kapag maluwag sa kanila ang paglalakbay ito'y tungkulin ng kapwa babae at lalaki. Sa mga kababaihan, kailangan ay mayroon siyang Mahram (makakasama) kagaya ng kanyang ama, asawa, kapatid na lalaki o kanyang anak.

Sinabi ng Allah ﷻ :

﴿ و لله على الناس حج البيت من استطاع إليه سبيلا ﴾ [ آل عمران : ٩٧].

[Tungkulin ng mga tao sa Allah ang paglakbay sa Makkah sa sinumang mayroong kakayahan] 3:97.

Sinuman ang magnais na isagawa muli (ng maraming beses) siya'y magtamo ng malaking gantimpala, subalit ang tungkulin ay isang beses lamang.

Ito ang haligi ng Islam kasama ang kanyang buod na paliwanag.

**Paalala:**

Pinapahayag ng mga Kristiyano na si Hesus ﷷ ay diyos, siya'y bahagi ng trinidad, at anak ng diyos. Ganoon din sila'y nagwika na siya'y ( Hesus ﷷ) namatay at naipako sa krus. Itong lahat ay kasinungalingan at walang katotohanan. Ang totoo, siya ay isang alipin ng Allah ﷻ at Kanyang sugo. Siya ay kagaya ng mga naunang Sugo at Propeta . Siya ay walang katangiang pagka-diyos na dapat sambahin. Siya ay hindi nila napatay at napako sa krus, subalit siya ay niligtas ng Allah ﷻ sa mga kamay ng mga Hudyo at siya ay nasa pangalawang baitang ng kalangitan. Siya ay ibabâ ng Allah ﷻ bago sasapit ang araw ng paghuhukom at kanyang sisirain ang krus, papatayin ang mga baboy. Hindi siya magdala ng bagong batas subalit siya'y huhukom ayon sa batas ni Muhammad ﷺ. Siya'y maninirahan hanggang sa ninais ng Allah ﷻ. Siya'y mamatay at bubuhayin muli kasama ng lahat ng mga nilikha sa araw ng paghuhukom.

**Ang mga paniniwala sa Islam:**

1. Ang paniniwala sa Allah ﷻ.
2. Ang paniniwala sa mga Anghel.
3. Ang paniniwala sa mga Aklat.
4. Ang paniniwala sa mga Sugo.
5. Ang paniniwala sa araw ng Paghuhukom.
6. Ang paniniwala sa Kapalaran.

1. **<u>Ang paniniwala sa Allah ﷻ:</u>**

Ang paniniwala na ang Allah ﷻ ay nag-iisa, Siya ang Panginoon, Rubb (Tagapaglikha, Tagapangalaga at iba pa) wala Siyang katulong at kasama. Siya ang Tagapaglikha, Tagapangalaga, nagbibigay ng kabutihan at Siya ang karapat-dapat sambahin at wala ng iba pa maliban sa Kanya. Wala Siyang kahalintulad , Siya ang Nakakadinig at Nakakakita ng lahat.

2. **<u>Ang paniniwala sa mga Anghel:</u>**

Ang mga Anghel: Hindi nakikitang nilikha. Tayo'y naniniwala sa kanila at hindi natin sila nakikita, maliban sa pinapahintulutan ng Allah ﷻ. Sila'y mga masunuring alipin ng Allah ﷻ, hindi sila sumusuway sa Kanya at sila'y gumagawa lamang ng mga bagay na Kanyang ipinag-utos sa kanila. Wala silang katangiang pagka-diyos na dapat sambahin. Sila'y nilikha ng Allah ﷻ mula sa liwanag. Sila'y napakarami at ang Allah ﷻ ang lubos na nakakabatid sa kanila.

**Ang paniniwala sa mga Anghel ay binubuo ng apat na bagay:**

1. Ang paniniwala na sila'y namamalagi.
2. Ang paniniwala sa kanilang mga pangalan kagaya ni: Jibriil, Mikaail at Israafiil. At ang iba pa sa kanila ay hindi natin alam ang pangalan subalit silang lahat ay ating pinaniniwalaan.

3. Ang paniniwala sa kanilang mga katangian. Kagaya ni Jibriil na siya'y nakita ng Propeta ﷺ, na siya'y mayroong 600 na pakpak at kanyang natatabunan o nasasaklawan ang buong silangan abot tanaw ng Propeta ﷺ.
4. Ang paniniwala sa kanilang mga gawain. Ang ilan sa kanila ay tagapagdala ng rebelasyon sa mga sugo, kagaya ni Jibriil. Si Mikaail, siya ang inutusan ng Allah ﷻ na magdala ng ulan at pangangalagaan ang mga pananim. Si Israafiil, ang taga-ihip ng trumpeta sa araw ng paghuhukom. Si Malakul Muut ay tagakuha ng kaluluwa sa kapahintulutan ng Allah ﷻ kapag ang tao'y mamatay.

**3. <u>Paniniwala sa mga Aklat:</u>**

Ito ay ang mga Aklat na ibinabâ ng Allah ﷻ sa Kanyang mga mensahero at Propeta na mayroong katotohanan at gabay sa mga tao.

**Ang paniniwala sa mga Aklat ay binubuo ng mga sumusunod**:

1. Ang paniniwala na ito'y binabâ mula sa Allah ﷻ.
2. Ang paniniwala sa kanilang mga pangalan, kagaya ng Qur'an na ibinabâ kay Propeta Muhammad ﷺ, ang Tawraah ibinabâ kay Moses ﷺ, ang Zabuur, ibinabâ kay David ﷺ at ang Injiil, ibinabâ kay Hesus ﷺ. At ang

iba pang hindi nabanggit ang pangalan ay ating pinaniniwalaan.

3. Pinaniniwalaan ang kanilang nilalaman. Anuman ang nakasaad sa banal na Qur'an at nakatala sa ibang Aklat ay dapat na paniwalaan.
4. Ang pagsagawa sa mga ipinag-utos ng Qur'an, kalulugdan at tanggapin ang mga batas maging ito'y alam o di-alam. At higit sa lahat, pinawalang bisa ng Qur'an ang mga naunang Aklat.

Sinabi ng Allah ﷻ.

﴿وأنزلنا إليك الكتاب بالحق مصدقاً لما بين يديه من الكتاب ومهيمناً عليه﴾ [ المائدة : ٤٨].

[At Aming ibinabâ sa inyo ang Aklat (Qur'an), ang Aklat na may katotohanan, magpatotoo ng mga naunang banal na kasulatan at Muhayminan (mangingibabaw, saksi, mapagkakatiwalaan.)] 5:48.

Kagaya ng Tawrah (Torah) at Injiil (Orihinal na Biblia) ay sinira ng mga Hudyo at Kristiyano. Ang mga kilalang kopya ay ang sulat at ayon kay Mateo, Lukas, Markus at Juan. Ang apat na Aklat na ito ay magkakaiba at magkakasalungat. Ang ilang bahagi ay hindi magkatugma sa bawat isa. Samantala, ang Qur'an ay hindi nabago. Kahit na gagawa ng ilang milyong kopya at ikalat sa buong bahagi ng Mundo ay wala kang makikita na

magkakasalungat sa bawat isa, ito'y isang dakilang himala.

Sinabi ng Allah ﷻ.

﴿ إنا نحن نزلنا الذكر وإنا له لحافظون ﴾ [ الحجر : ٩ ].

[Katotohanan binabâ Namin ang Dhikr (Qur'an) at tunay na Aming pangangalagaan] 15:9.

**4.Ang paniniwala sa mga Sugo:**

Sila ay mga tao lamang . Sila'y pinili ng Allah ﷻ at pinadalhan ng Aklat at pinag-utusan na kanilang ipahayag. Kagaya ni Propeta Noa ﷺ, Abraham ﷺ, Moses ﷺ, Hesus ﷺ at ang katapusan sa kanila ay si Muhammad ﷺ .

**Ang paniniwala sa mga Propeta ay binubuo ng mga sumusunod:**

1. Ang paniniwala na ang kanilang mensahe ay katotohanan na nagmula sa Allah ﷻ. Sinuman ang magpawalang-bahala sa isa sa kanila ay kagaya na lamang na tinalikuran niya ang lahat.
2. Paniniwalaan sila ayon sa mga pangalan na ating nalalaman at mga pangalang di-nalalaman.
3. Paniniwala sa mga totoong balita tungkol sa mga sugo.
4. Ang pagsunod sa mga batas na ipinahayag sa kanila (mga sugo) at ang katapusan sa

kanila ay si Muhammad ﷺ na siya'y pinadala sa lahat ng sangkatauhan.

Sinabi ng Allah ﷻ :

﴿ فلا وربك لا يؤمنون حتى يحكموك فيما شجر بينهم ثم لا يجدوا في أنفسهم حرجا مما قضيت و يسلموا تسليما ﴾ [ النساء : ٦٥ ].

[Hindi nila makamtan ang tunay na pananampalataya hanggat kanilang gagawing taga-hatol (ang iyong batas) sa pagitan nila at walang makikitang pagtutol sa kanilang sarili (laban sa batas) at kanilang tanggapin ng may buong pagsuko] 4:65.

**5.<u>Ang paniniwala sa Katapusang Araw:</u>**

Ito ay ang araw ng pagbabangon muli (mula sa libingan). Tayong lahat ay babangonin ng Allah ﷻ upang huhukoman at bigyan ng tamang gantimpala. Ito'y tinaguriang Katapusang Araw, dahil wala ng araw na kasunod pagkatapos niya. Bubuhayin ng Allah ﷻ ang sinumang namatay at papasukin ang mga taga-Paraiso sa kanilang tirahan sa kapahintulutan ng Allah ﷻ at ganoon din sa mga taga-Impiyerno sa kapahintulutan ng Allah ﷻ .

**Ang paniniwalang ito ay binubuo ng mga sumusunod:**

1. Ang paniniwala sa pagkabuhay muli: Sinumang nasa libingan ay bubuhaying muli ng Allah ﷻ. Ang lahat na mga patay ay lalabas mula sa libingan sa kapahintulutan ng Allah ﷻ, magmula sa una at katapusang nilikha.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ثم إنكم بعد ذلك لميتون * ثم إنكم يوم القيامة تبعثون﴾ [المؤمون ١٦- ١٥].

[At pagkatapos kayo ay mamatay at sa araw ng paghuhukom kayo'y bubuhayin muli] 23:15-16.

2. Ang paniniwala sa paglilitis at pagbibigay ng gantimpala. Ang Allah ﷻ ang huhusga sa Kanyang mga alipin sa kanilang mga gawain.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿إن إلينا إيابهم * ثم إن علينا حسابهم﴾ [الغاشية ٢٦- ٢٥].

[Katotohanan sa Amin ang inyong pagbabalik, at katotohanan sa Amin ang inyong pagtutuos.] 88:25-26.

3. Ang paniniwala sa Paraiso't Impiyerno na ito'y panghuling hantungan ng Kanyang mga nilikha. Ang Paraiso ay walang hanggang kaligayahan at tirahan na inihanda ng Allah ﷻ sa mga mananampalataya na mayroong takot

sa Kanya. Sila yaong naniniwala sa Kanya at tinutupad ang anumang Kanyang ipinag-utos sa Kanyang sugo. Sila'y matapat sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga Propeta.
Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿إن المتقين في جنات و نهر في مقعد صدق عند مليك مقتدر﴾ [ القمر: ٥٤ ].

[Sa mga mayroong takot (sa kanilang Panginoon), sila'y mamalagi sa gitna ng Harden at Ilog na dumadaloy (sa Paraiso). Sa tunay na luklukan kasama ang Muqtadir (Dakila, Makapangyarihan, Hari)] 54:54.

At ang Impiyerno naman ay luklukan ng kaparusahan na inihanda ng Allah ﷻ sa mga nagtatakwil ng pananampalataya at gumawa ng kasamaan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وقل الحق من ربكم فمن شآء فليؤمن و من شآء فليكفر إنا أعتدنا للظالمين نارا أحاط بهم سرادقها وإن يستغيثوا يغاثوا بماء كالمهل يشوى الوجوه بئس الشراب وساءت مر تفقا ﴾ [ الكهف : ٢٩ ].

[At ipagbadya: "Ang katotohanan ay mula sa inyong Panginoon." Hayaan siyang maniwala at hayaan siyang tatakwil (ng katotohanan). Katotohanan inihanda Namin sa mga masasama ang Impiyernong napapaligiran ng bakod (na apoy). At kapag sila'y hihingi ng maiinom, sila'y bibigyan ng ***Al- Muhl*** ( dugo at nana o ang

isang bagay na pinakuluan) na ito'y susunog ng kanilang mukha. Ito'y katakot-takot na inumin at pinakamasamang luklukan] 18:29.

**Ang paniniwala sa Huling Araw ay binubuo ng mga sumusunod:**

1. Ang paniniwala sa pagsubok sa libingan: Ito'y katanungan sa libingan tungkol sa kanilang Panginoon, pananampalataya, at Propeta. Patitibayin ng Allah ﷻ ang mga mananampalataya at kanilang sabihin na ang Allah ﷻ ang kanilang Panginoon. Islam ang kanilang Relihiyon at si Muhammad ﷺ ang kanilang Propeta. Sa mga di-mananampalataya at gumagawa ng kasamaan, kanilang sasabihin: Ah, Ah, hindi ko alam. Ang mga mapagkunwari naman ay kanilang sasabihin: Hindi ko alam, aking nadinig sa mga tao at ito ang kanyang sasabihin.

2. Ang parusa at gantimpala sa libingan: Ang parusa sa libingan ay para sa di-mananampalataya, masasama at mapagkunwari.

Sinabi ng Allah ﷻ :

﴿ ولـــو ترى إذ الظالمون في غمرات الموت والملائكة باسطوا أيديهم أخرجوا أنفسكم اليوم تجزون عذاب الهون ﴾ [الأنعام : ٩٣].

[At kapag inyong makikita ang mga di-mananampalataya sa kanilang paghihingalo habang hinuhugot ng Anghel ang kanilang kaluluwa. Sa araw na ito ay inyong babayaran ng kawalang – dangal na parusa] 6:93.

**6. Ang paniniwala sa Kapalaran (Tadhana):**

Ipinahayag ang mga patunay mula sa Qur'an at Sunnah (mga gawain ng Propeta ﷺ tungkol sa kapalaran. Mabuti man o masama ito'y dapat paniwalaan. Hindi magiging buo ang pananampalataya hangga't walang paniniwala sa tadhana.

Sinabi ng Allah ﷻ :

﴿ الم تعلم أن الله يعلم ما في السماء والأرض إن ذلك في كتاب إن ذلك على الله يسير ﴾ [الحج : ٧٠].

[Alam mo ba na ang Allah ﷻ ang nakakaalam ng nasa Kalangitan at Kalupaan ? Ito ay nakatala sa Aklat. Katotohanan ito'y madali para sa Allah ﷻ] 22:70.

Sinabi pa ng Allah ﷻ :

﴿ ما أصاب من مصيبة في الأرض و لا في أنفسكم إلا في كتاب من قبل أن نبر أها إن ذلك على الله يسير ﴾ [الحديد : ٢٢].

[Walang sakunang mangyayari sa lupa o sa inyong sarili subalit ito'y nakatala sa Aklat bago

mangyari. Katotohanan ito'y madali para sa Allah] 57:22.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ إنا كل شيء خلقناه بقدر ﴾ [ القمر: ٤٩].

[Sa katotohanan ang lahat ng bagay ay nilikha Namin sa tamang kasukatan] 54:49.

Ayon sa mga pantas ng Islam ang paniniwala sa Tadhana ay ang sumusunod:

1.Ang Kaalaman: Ang Allah ﷻ ay Siyang lubos na nakakaalam ng lahat ng bagay bago mangyari ang lahat. Siya ang nakakaalam sa kanilang kahihinatnan, pananatili at hangganan. Siya ang nangangalaga sa kanila.

2. Ang pagsulat sa lahat ng mga pangyayari: Ang paniniwala na ito'y naitala ng Allah ﷻ sa ***Al-Luuh Al-Mahfuudh*** (Napapangalagaang Aklat).

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ ألم تعلم أن الله يعلم ما في السماء و الأرض إن ذلك في كتاب إن ذلك على الله يسير ﴾

[ الحج : ٧٠].

[Alam mo ba na ang Allah ﷻ ang nakakaalam ng nasa Kalangitan at Kalupaan? Ito ay nakatala sa Aklat. Katotohanan ito ay madali para sa Allah ] 22: 70.

3.Ang paniniwala na walang bagay sa Kalangitan at Kalupaan na gumagalaw maliban sa kapahintulutan ng Allah ﷻ.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ لمن شاء منكم أن يستقيم * و ما تشاءون إلا أن يشاء الله رب العا لمين ﴾

[ التكوير ٢٨- ٢٩ ].

[Sinuman ang nagnais sa inyo na maging matuwid; subalit hindi niyo makamtan maliban sa kapahintulutan ng Allah ﷻ, ang Panginoon ng sanlibutan] 81:28-29.

4.Ang paniniwala na ang Allah ﷻ ang Siyang Tagapaglikha ng lahat ng bagay na nasa sanlibutan. Ang lahat na ito'y gumagalaw at nananatili sa Kanyang kapahintulutan at kapangyarihan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ الله خالق كل شيء وهو علي كل شيء وكيل ﴾ [ الزمر : ٦٢ ].

[Ang Allah ﷻ ang Siyang lumikha ng lahat at siya ang Al-Wakiil (Tagapanatili, Tagapangalaga, Tagapanustos) ng lahat] 39:62.

Ito ang buod ng mga haligi at paniniwala sa Islam. Sino man ang nagnais na palawakin ang kanyang kaalaman maari po lamang na siya'y magbasa ng Aklat na nagpapaliwanag nang lubusang kaalaman.

Bilang pangkatapusan, kami'y nagpapaalala sa sinumang pumasok sa pananampalatayang ito, na kailangan lamang na siya'y magkaroon ng Taqwah (takot-pagsunod sa ipinag-utos at paglayo sa ipinagbawal) at mahigpit na paghawak sa pananampalataya. Kanyang palagiang idalangin sa Allah ﷻ ang pagkakaroon ng matibay na pananampalataya at kanyang pasalamatan ang Allah ﷻ sa mga bagay na ibinigay sa kanya. Aming ipinapayo na kanyang palawakin ang kanyang kaalaman sa pagbabasa ng banal na Qur'an ng may katapatan, kadalisayan at pagpapahalaga.

Ang puso ng tao ay kagaya ng isang halaman na nangangailangan na palagiang diligan, ito'y mamamatay kapag walang tubig. Magkagayon, ito'y magkakaroon ng buhay sa pamamagitan ng pag-alala sa Allah ﷻ at pagbabasa ng Qur'an, ito'y mamamatay kapag kanyang nakalimutan ang Allah ﷻ . Aming ipinapayo na inyong ipaabot ang mensahe ng Islam sa inyong asawa, anak, magulang, kapatid, kamag-anakan at mga kaibigan. Dapat malaman na napakalaki ang gantimpala sa sinumang yumakap sa Islam sa pamamagitan ng inyong pagsisikap.

Sinabi ng Propeta ﷺ :

[ لأن يهدي الله بك رجلا واحدا خير لك من حمر النعم ]

[Sinumang tao na ginabayan ng Allah ﷻ dahil sa inyong pagsisikap (pagpapaabot ng mensahe at tinanggap - naging Muslim) ito ay mas-mainam pa kaysa pulang Kamelyo (ang pulang Kamelyo ay mamahaling ari-arian)].

At ganoon din huwag hayaang lumabas ang anumang salita sa inyong bibig maliban sa kabutihan. Pagsulat at paggawa ng voice tape sa inyong mga mahal sa buhay ay napakahalaga. May mga pangyayari na ang isang tao ay yumakap ng Islam sa Saudi Arabia at kanyang ipina-abot ang mensahe sa pamamagitan ng sulat at voice tape sa kanyang pamilya, pagkatapos nilang nabasa at narinig ay kanilang niyakap ang Islam. Sa paraang ito ay maaring makita din ng inyong pamilya at kamag-anak at kababayan ang tunay na katuruan ng Islam at kanilang tanggapin, magkagayon ikaw ay magtamo ng napakalaking gantimpala mula sa Allah ﷻ.

Ganoon din ang pagbibigay payo sa bawat isa at ang pagkakaroon ng mabubuting kasama dahil sila'y magdadala sa atin sa kabutihan ng ating pananampalataya.

Mayroong napakahalagang bagay na dapat nating malaman, minsan ay inyong mapapansin sa ibang Muslim na sila ay gumagawa ng kasamaan, maging sila'y Arabo o ibang lahi, mga sinungaling, walang maayos na pakikitungo sa kanyang kapwa-tao. Ang mga ito ay taliwas at hindi katuruan ng Islam, dahil ang Islam ay nagtuturo ng kabutihan at pumipigil sa kasamaan, ito ay dahil sa kasamaan ng isang tao at hindi dahil sa Relihiyong Islam.

Mga kapatid sa Islam, kapag kayo'y mayroong suliranin maging ito'y pang-Relihiyon o hindi, maaring tumawag lamang sa malapit na tanggapan ng Patnubay at Pagpalaganap ng Islam. Sa kapahintulutan ng Allah ﷻ , ay mabigyan ng tamang kasagutan.

و الله اعلم و صلى الله و سلم على نبينا محمد.

كتب الجاليات ٩١ / ١٠

# الطريق إلى النجاة

# كيف تكون مسلماً ؟

إعداد
فيصل بن سكيت السكيت

الطبعة الرابعة

تجالوج 0401058

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبسلي
ص.ب/١٤١٩ الرياض/١١٤٣١ هاتف/٢٤١٠٦١٥ ناسوخ/٢٤١٤٤٨٨-٢٣٢
البريد الإلكتروني/sulay@w.cn

# الطريق إلى النجاة

## كيف تكون مسلماً ؟

إعداد

فيصل بن سكيت السكيت غفر الله له و لوالديه و لجميع المسلمين

عضو الدعوة بوزارة الشئون الإسلامية و الأوقاف و الدعوة و الإرشاد بالسعودية

ترجمه إلى اللغة الفلبينية

عيسى ريال

المكتب التعاوني للدعوة و الإرشاد وتوعية الجاليات بالنسيم

حي المنار – خلف مستشفى اليمامة

هاتف : ٢٣٥٠١٩٤ – ٢٣٥٠١٩٥ – فالكس : ٢٣٠١٤٦٥

ص ب : ٥١٥٨٤ الرياض ١١٥٥٣